Ang Sentro ng Pagkuha ng Rehistrasyon sa Mobile (Mobile Registration Intake Center) ng FEMA bukas hanggang Oktubre 21 sa Santa Cruz

Release Date: Oktubre 3, 2020

SACRAMENTO, Calif. – Ang Sentro ng Pagkuha ng Rehistrasyon sa Mobile ng FEMA (FEMA Mobile Registration Intake Center) na naglilingkod sa mga nakaligtas sa sunog sa Lalawigan ng Santa Cruz ay magbubukas hanggang Oktubre 21.

Ang sentro ay bahagi ng patuloy na misyon sa pagtugon at pagbawi ng FEMA at ng Estado ng California upang tulungan ang mga nakaligtas na naapektuhan ng sunog sa CZU August Complex.

Ito ay bukas mula 10 ng umaga hanggang 6 ng hapon Lunes hanggang Sabado sa lote ng paradahan ng sasakyan sa 205 Front St., Santa Cruz, sa tapat ng Kaiser Permanente Arena. Sarado ito kapag Linggo.

Ang mga nakaligtas ay makapagpaparehistro sa FEMA sa isa sa mga tatlong paraan:

- sa online sa www.disasterassistance.gov;
- sa pag-download ng FEMA app sa isang smartphone o tablet;
- o sa pagtawag sa **FEMA Helpline sa 800-621-3362** (TTY 800-462-7585) sa pagitan ng 7 ng umaga at 10:30 ng gabi PDT. Kung gumagamit ka ng relay service gaya ng videophone, Innocaption o CapTel, ibigay sa FEMA ang partikular na numero na nakatalaga sa serbisyo kapag magparehistro ka.
- Ang mga tauhan ng helpline ay maaaring tumugon sa mga tanong tungkol sa mga aplikasyon na naibigay na.

###